REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-102

KAPASIYAHAN NA HINIHILING ANG PAGPIGIL NG PAGSUSUBASTA NG NATIONAL POWER CORPORATION SA PUBLIKO NG MGA LUPANG NASA ILALIM AT KARATIG NG NPC TOWER NA MALAPIT SA LIWASAN NG MGA BAYANI SA ALABANG.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ay may itinakdang plano sa bawat plano sa bawat lugar upang maging maayos ang kapaligiran;

SAPAGKAT, marapat lamang umayon sa akmang paggagamitan ang anumang lupang pagtatayuan ng tirahan, paaralan, bahay-kalakal at iba pa na itinadhana ng bahay-pamahalaan alinsunod sa "zoning plan" nito;

SAPAGKAT, ang pagsusubasta ng lupa sa ilalim at kalapit ng NPC Tower na karatig ng Liwasan ng mga Bayan sa Alabang ay maaaring magdulot ng kaguluhan sa lugar kapag ang makakabili ng lupa ay tatayuan ito ng taliwas sa mga karampatang paggagamitan nito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na magkaroon ng kapasiyahan na hinihiling ang pagpigil ng pagsusubasta ng National Power Corporation sa publiko ng mga lupang nasa ilalim at karatig ng NPC Tower na malapit sa Liwasan ng mga Bayani sa Alabang.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't walong(58th) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Mayo 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal
(Hindi dumalo)

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal
(Hindi Lumahok)

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kapasiyahan bilang 89-102**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN :** **RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY :** **Mayo 22, 1989**

**RRC:vts**